**PABATID NG HALALAN/ELEKSYON**

IBINIBIGAY ANG PABATID na ang isang pangkalahatang pangmunisipyong eleksyon (*general municipal election*) ay gaganapin sa Lungsod ng Chula Vista sa Martes, Nobyembre 5, 2024, para sa layunin ng pagsasagawa ng isang *runoff* na eleksyon sa pagitan ng mga kandidatong nakatanggap ng una at pangalawang pinakamataas na bilang ng boto sa pangunahing eleksyon na ginanap noong Marso 5, 2024 para sa mga sumusunod na Opisyal:

> Isang (1) Miyembro ng Konseho ng Lungsod upang kumatawan sa Distrito 3 para sa buong termino ng apat na taon, na magsisimula sa Disyembre 2024
>
> Isang (1) Miyembro ng Konseho ng Lungsod upang kumatawan sa Distrito 4 para sa buong termino ng apat na taon, na magsisimula sa Disyembre 2024

IBINIBIGAY ANG KARAGDAGANG PABATID na ang isang pangkalahatang pangmunisipyong eleksyon ay gaganapin sa Lungsod ng Chula Vista sa Martes, Nobyembre 5, 2024, para sa sumusunod na Panukala:

<table>
<tr><td rowspan="2">Dapat bang pagtibayin ang panukala na ipagpatuloy ang pagpopondo sa mga serbisyo ng Lungsod ng Chula Vista kabilang ang pag-aayos ng mga lubak; pagpapanatiling ligtas, malinis, maayos ang mga kalye, bangketa, imprastraktura, parke, mga pampublikong pasilidad; pag-aayos ng mga lumang paagusan ng tubig-ulan (storm drain); pamamahala ng pagsisikip ng trapiko; at pagtanggal ng mga basura/graffiti sa mga pampublikong espasyo, sa pamamagitan ng pagpapanumbalik ng kalahating sentimo na mga transaksyon at buwis sa paggamit (use tax) ng Lungsod ng Chula Vista sa kasalukuyang rate (walang pagtaas), pagpapatuloy ng tinatayang $37,000,000 taun-taon para sa pangkalahatang paggamit ng pamahalaan sa loob ng 10 taon, na may pagbabantay ng mamamayan, mga independiyenteng pag-audit, at lahat ng pera ay kontrolado ng lokal?</td><td>OO</td></tr>
<tr><td>HINDI</td></tr>
</table>

Ang mga botohan (mga lugar ng botohan) ay magbubukas sa pagitang ng mga oras ng 7:00 ng umaga at 8:00 ng gabi sa Araw ng Halalan.

/s/ Kerry K. Bigelow, MMC
Klerk ng Lungsod/Opisyal ng Halalan sa Lungsod
Lungsod ng Chula Vista, California
Hulyo 5, 2024